2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Mga Tanging Patakaran ng SSI para sa mga Anak ng Tauhan ng Militar na Nakatira sa Ibang Bansa



## Ang mga Anak ng Tauhan ng Militar

Ang karamihan ng mga taong tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI at umaalis sa Estados Unidos ng 30 araw o higit pa ay hindi na kwalipikadong tumanggap ng mga benepisyo sa SSI. Gayunman, may isang tanging patakaran para sa mga anak ng tauhan ng militar.

Ang isang bata ay maaaring patuloy na makakuha ng mga benepisyo sa SSI o mag-aplay para sa mga benepisyo habang nasa ibang bansa kung ang bata:

- ay isang mamamayan ng Estados Unidos; at
- nakatira kasama ng isang magulang na miyembro ng U.S. Armed Forces na ipinadala para sa permanent duty kahit sa anong lugar sa labas ng Estados Unidos.

## Paano Ako Makakakuha ng Karagdagang impormasyon?

Kung ang iyong anak ay tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI at inutusan ka ng militar na lumipat sa ibang bansa, tawagan ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar o tumawag sa **1–800–772–1213** bago ka umalis sa Estados Unidos.

Dapat ay maaari mong masabi sa amin:

- kung kailan mo inaasahang magsimula sa iyong destino sa ibang bansa;
- kailan mo inaasahang salihan ng iyong anak;
- ang iyong mailing address sa iyong bagong destino; at
- anumang impormasyon na mayroon ka tungkol sa allowance ng militar (halimbawa, allowance sa pambahay, allowance sa ration, atbp) sa iyong bagong destino.

Kung ikaw ay isang miyembro ng U.S. Armed Forces na nakadestina na sa ibang bansa at inaakala mong ang iyong anak ay maaaring kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI, tawagan ang U.S. Embassy, ang pinakamalapit na U.S. Consular Office, o sulatan ang:

Social Security Administration
Attn: SSI Military Children Overseas Coordinator
1 Frederick Street, Suite 100
Cumberland, Maryland 21502

Kapag nakipag-alam ka sa amin, siguraduhing ibigay sa amin ang iyong kasalukuyang address, telepono, at pangalan at Numero ng Social Security ng iyong anak.

## Ano ang mga Tanging Tagubilin sa Pag-uulat para sa mga Batang Tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI sa Ibang Bansa?

Dapat mong iulat sa amin ang anumang pagbabago sa income, mga pag-aari o address ng isang magulang o anak sa tahanan **sa loob ng 10 araw** pagkatapos ng buwan kung kailan ito nangyari.

tandaang iulat:

- kung ang iyong anak na tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI ay lumipat;
- kung may ibang mga tao na lumipat o lumabas sa iyong tahanan; o
- kung umalis ka sa Armed Forces at nanatili ka sa ibang bansa.